

Expedited CalFresh: Makatanggap ng Mga Benepisyo sa Pagkain ng Mabilis

Maaari kang maging karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo ng Expedited CalFresh (ES) sa loob ng **tatlong araw**, o sa parehong araw pagkatapos matanggap ang aplikasyon.

Dapat mong matugunan ang isa sa mga kinakailangan sa ibaba:

1. Ang iyong **pinagsamang** kabuuang buwanang kita at mga mapagkukunan ng salapi ay mas mababa kaysa sa iyong buwanang upa o mortgage at mga gastos sa utilidad;
2. Ang iyong sambahayan ay may mas mababa sa \$150 na kabuuang buwanang kita **at** mga mapagkukunang salapi na \$100 o mas mababa; o
3. Ikaw o ang isang tao sa iyong sambahayan ay isang migrante o pana-panahong magsasaka na naghihirap, at ang iyong mga mapagkukunan ng salapi ay \$100 o mas mababa.

Dapat kang makapanayam, at dapat mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan (hindi kinakailangan ang photo ID) upang makatanggap ng mga benepisyo ng Expedited CalFresh. Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang matulungan sa pagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagtawag sa isang pangatlong partido (isang taong kilala mo) o anumang nakahandang magagamit na dokumento o elektronikong impormasyon.

Maaari kang makapanayam **sa parehong araw na nag-aplay ka**, o ang appointment sa pakikipanayam sa telepono ay maiiskedyul sa loob ng tatlong araw. Gayunpaman, maaari mo kaming tawagan anumang oras bago ang iyong nakaiskedyul na appointment.

Kung karapat-dapat ka para sa ES at hindi mo pa natatanggap ang iyong mga benepisyo sa loob ng tatlong araw, tawagan kami. Ipapadala sa mail ang iyong EBT card, o maaari mong kunin sa tanggapan ng distrito.

(866) 613-3777 (toll-free) | (626) 569-1399 | (310) 258-7400 | (818) 701-8200

Una, pindutin ang opsyong #2, "**Mag-aplay para sa mga Benepisyo**," Pagkatapos ay pindutin ang opsyong #2, "**Mag-aplay ng CalFresh**," upang makonekta sa isang worker kapag tumawag ka.

Mga Oras ng Customer Service Center:

Lunes - Biyernes alas 7:30 ng umaga hanggang alas 6:30 ng hapon